Dear Ado, Salamat for your continuing write ups on the recent election. Nakakayanig basahin. Talagang hindi kapanipaniwala na gagawin nila iyan. Pero sa akin, and it seems the Consultant na hindi Consultant ng National Democratic Front sa Europe, na si Noynoy talagang overwhelming choice ng ating kawawang masa. So kayong tatlo ni Governor Homobono Adaza, Mr. Herman Laurel, at ikaw, nagpunta sa Corte Suprema, para ipawalang bisa ang election na sinasabi sa mga emails that you have been sharing with us, was the handiwork of a powerful, rolling with money, cabal na ang posibleng utak is Mr. Puno? Iyong aking sense Ado are the following: 1. "Puputi ang uwak at iitim ang tagak" -- in the words of aming mahal na Ka Pule dito sa WFA Dakdakan Talipapa na iniwan mo, talaga bang ikaw, brilliant, courageous Adolfo Paglinawan, hindi marunong mag-unsubscribe from a Yahoo egroups, or gusto mo lang kami nina Arman, Amanda, others, at ako na pagutusan? -- kung ang Corte Suprema na iyan will decide in your favor, that is nullify that election. Frankly Ado, wala akong tiwala sa Corte Suprema na iyan. Pakiwari ko that in most cases, siempre ang kanilang desisyon will be based on their values, seguro ang core value would be "kung ano ang masarap sa amin" ala Ayn Rand, selfish and greedy, let the devil take the hindmost, self-interest. Kahit nuong panahon ng No. 1 UP alumnus at No. 2 sa Transparency International, di ba sunod sunoran ang Corte Suprema nuon? 2. With your forbearance Ado, puede bang sabihin ko ito? Sa Bangsa Kasuko-an, and in societies and political systems na kapareho ng Bangsa Kasuko-an na baka maging "failed state", ang kapangyarihan, sa tingin ko, ay hindi base sa force of the law which is regarded by the armed forces and the political and governmental institutions in the "First World" countries, as almost sacrosanct. Ang kapangyarihan -- POWER, FORCE, POLITICAL AND GOVERMENTAL AUTHORITY, ETC. -- is based on the power of the gun. Ano ang sabi ni MTT? "Ultimate power comes from the barrel of the gun" or words that effect. Kaya sa Homeland, ang Sandatahan Hukbo -- at marami sa kanila hindi nangingimi na pumatay -- ang final arbiter ng mga nakakayanig na issues, like itong issue na dinala niyo ni Gov Adaza, the writer Mr. Herman Laurel na ang heroes ay ang No. 1 UP Alumnus at si No. 1 Sensualist, at ikaw. 3. So kung null and void ab initio ang nakaraan na, whatever you call it, at walang mga Trapos na napili, iyong "specter" na iniisip mo, i.e., : (a) the possibility of external aggression (sino ang mga aggressors? mga Komunista na Kapitalistang Chekwa? Malaysia? America? nandoon na sina Rodel Rodis at Ted Laguatan at si Greg Makabenta mga advanced task force, mga Hapones na ang marami ay mga UDF ng kanilang mga bana na Pinay katulad kay Susan Fujita at Maria Takahashi, hindi naman believable ang Jemaah Islamiyah at Al Qaeda), (b) internal subversion (ginagawa na ito ng MILF at mga Muslim brothers and sisters which has resulted in some 150,000 of our people dying, di ba? at lalo na sina Joma and Ka Luis, Ka Roger, etc sa National Democratic Front for the past 41 years, at sabi ng Swords into Ploughshares Foundation in Canada, mga 40,000 and counting and patay na, at ang mga magnanakaw, plunderers, and mga amo ng summary killers, di ba mga "internal subversives" sila?) mukhang "metas metas" sila, the Muslims and the NDF and other "progressive groups" So tingin ko Ado, walang specter or mga Tikabalang na mag-aappear. At assuming na pumuti nga ang Uwak at umitim ang Tagak, at magdesisyon ang mga nasiraang bait na taga Corte Suprema na walang bisa nga ang nakaraan na deadly na laru laro, do you think na ang Sandatahan Hukbo will institute a Golpe de Estado and organize a Military Civilian Junta na kasama kayong tatlo at si Atty Cita Garcia, aming Presidente ng WFA NGO, 0210, Inc. (hehehehehehe) at aming Chairman na ailing, si General Jose "Liber Seregni" Comendador? At papayagan ba ang mga Heneral at mga Coronel at mga privates ng mga superyaman na makikinabang sa leadership nina President Benigno Simeon Aquino III? In my nigthmare Ado.

And in the paranoid dream ni Arman and Jun Aguilar pag nandoon na sila sa Paradise doing their duty to the 72 virgins. Sana man lang kahit 5 Million ang kasama niyong pumirma sa inyong pagsusumamo sa Corte Suprema -- starting with the 3 million strong sa grupo mo, iyong Agarrian Reform Benifciaries Association, ARBA) kasama sina Senators Pimentel, Villar, Gordon, at ang aking No. 1 na Senator, si Gracia Plazo (na hindi na sumusulat sa aming WFA Dakdakan Talipapa), si Bobby Reyes, at ang mga talunan na mga Praning na gustong maging Panggulo at kasama ang kanilang mga barkada, at kasama din ang lahat ng United Front orbiting around the National Democratic Front, at Laban ng Masa especially na parang pinaglaruan si Risa Hontiveros ng mga computer programmers, at ng kanilang mga gadgets, and lalo na if at least 1 million out of the 2 million na kasama niyo sa Petition sasabihin na handa silang magpakamatay pati ang mga taga United Methodist Church Parishioners in America, mga Bayan USA, Gabriela, LFS, etc etc. Pero as it is now, tatawanan lang kayo nina Rodel Rodis and Perry Diaz and Atty Toto Causing and Atty Cita Garcia. Hehehehehe. The manifestations of the ugly, karumaldumal na reality sa ating lipunan. Sadly, Ado, ang tingin ng mga more perceptive na mga Pinoy, na iyong mga Superyaman will see to it that the Sandatahang Hukbo will support, and of course, they will support, without any equivocation, the Leadership of President Benigno S. Aquino III. Incidentally, si Governor Adaza, bida na iyan before I became a freshman sa Unibersidad ng Payatas. Ang kanyang anak na babae, naging estudyante ko. Sana naman itong mga taga Mindanao, like Governor Adaza, Senator Pimentel, Vice Mayor Duterte, iyong mga taga MILF and MNLF, sina Zubiri and Guingona, mag combine ng puwersa, develop the network para si Shiek Nazruddin Dianalan will become at least a Senator someday or vice president or at least igalang ng mga conglomeration ng Trapos na kapareho mong taga Luzon. At si mysterious Herman Laurel, isulat na ang libro, para maituwid ang kasaysayan ng Bangsa Kasuko-an para people will understand why his heroes are the No. 1 UP alumnus and the No. 1 Sensualist. I am curious kung parang wala siya kibo nuong naguunahan ang mga kapwa niya peryodista sa Homeland para pumirma sa Petition na iyon about the Kademonyuhan ng Ampatuan Massacre, pagkatapos kahit one sentence walang sinabi kung ano ang nangyari sa Petition or whatever you call it na iyon. With the 4 million ARBA members that you head, why not try to bring all the other forces na tunay na makabayan, starting with the Makabayan group at iyong Laban ng Masa? Ang galing galing mong sumulat, mas magaling pa kay Perry Diaz sometimes, at ang American Express card mo, unlimited charging naman yata, at hindi ka naman tisoy like Locsin, kaya ang masa will join you, katulad ng mga taga Tucuma, iyong urban poor, na si No. 1 Sensualist daw ang hero, like Mr. Herman Laurel. Incidentally, di ba taga Quezon ka Ado? Mukhang very powerful ang grupo ng Quezon ngayon. "The annulment of the 2010 elections will render vacancies in very vital positions, in fact president, vice president, all congressmen, 12 senators, all governors and board members, all mayors and councilors, will be non-existent. This will result in the absence of any chief, provincial and local executives, in reality no government. This means there will be no commander-in-chief, a specter that will throw the security of the country into a vacuum, a back-to-the wall situation courting the possibility of external aggression or internal subversion." Sana naman Ado na ang aking mga destitute na mga pinsan at pamangkin sa polluted, congested, lousy, terrible, loathsome Metro Manila at sa Samar at sa Japan at sa Hongkong and Saudi Arabia and the Middle East, magkaroon ng pagasa para sa kanilang tubercular and emaciated na mga anak. Ako, ganoon pa rin ang mga concerns ko: a house "under water" or as they say in Arizona, "upside down". At kaming walang mautang na sa credit cards namin, at hindi kasama sa barkada nina Rodel Rodis, Ted Laguatan, and Loida Nicolas Lewis na mga

mayaman, hindi kami isinama sa kanilang grupo para kunan ng TV footage ng ABS-CBN na sila daw ang nagdadala ng 4 million Noypis in America. So kailan ka babalik sa America? Paano na pala ang kaso ni Marlene Esperat? Pupunta ka ba sa Marbel, Cotabato para kausapin ang kapatid ni Marlene, si Valmie, or somewhere in Cotabato para kumustahin ang mga anak ni Marlene? Iyong isa nasa Davao daw yata, na eldest na babae, may asawa na. Paano si Bulate? Cesar Torres (As e-mailed to the Editor and posted in several e-newsgroups) Joomla SEO powered by JoomSEF